

Sa paggamit ng de-gas na pampatuyo, siguraduhing nakabukas ang mga bintana at exhaust fan upang mapanatili ang magandang daloy ng hangin. Iwasang magkarga ng maraming damit o basang damit na tumutulo sa inyong dryer. Ang oras ng pagpapatuyo ay maaring hindi gaanong matagal. Ang mga damit na madaling masunog (tulad ng manipis na panloob o damit na gawa sa sintetik na tela) ay hindi dapat pinatutuyo sa de-gas na dryer upang maiwasan ang pagliyab ng damit na maaring mapunta sa sunog. Iwasang maglagay ng mga kung anu-anong bagay malapit sa dryer. Linisin ng madalas ang filter upang maiwasan ang pag-ipon ng alikabok na maaring makasagabal sa pagtakbo ng dryer.

Pagtatabi sa mga tangke ng LPG

Batay sa Kautusan ng Kaligtasan sa Gas (Kapitulo 51), maliban lamang kung aprobadong ng Awtoridad ng Gas, pinagbabawal ang magtabi ng mga tangke ng LPG (kasama ang walang laman na tangke) na may kabuuang nominal na kapasidad ng tubig na higit sa 130 litro (mga 50 kilogramo). Ang timbang ng tangke ng LPG na karaniwang ginagamit sa mga kabahayan ay nakahanay sa 12 kilogramo hanggang 16 kilogramo lamang. Para sa kaalaman ng lahat, ang sumusunod na talahanayan ay nililista ang pinakamataas na bilang ng tangke na pinahintulutan para sa mga ilang karaniwang sukat ng tangke ng LPG.

Timbang ng LPG (kilogramo)	Pinahihintulutang Bilang ng Silindro
12-13.5	4
15-16	3


Ang tangke ng LPG ay dapat na itabi ng patayo sa lugar na madaling makuha at may mainam na daloy ng hangin, malayo sa init at apoy, lalo na kung ikaw ay magpapalit ng tangke. Dahil ang LPG ay mas mabigat kaysa hangin at upang maiwasan na maipon ang gas, huwag gumamit o magtago ng tangke ng LPG sa ilalim ng lupa, katabi ng mga kanal o sa silong.



Para sa kaligtasan ng publiko, huwag maglagay ng tangke ng LPG sa lugar na pampubliko.

Mga Hakbang sa Pagpapalit ng Tangke ng LPG

1. Patayin ang lahat na kalapit na apoy, at huwag manigarilyo.
2. Patayin ang de-gas na kasangkapan.
3. Patayin at alisin sa pagkakakabit ang pressure regulator. Palitan ang nagamit nang tangke ng LPG.
4. Maingat na ikabit ng mahigpit ang regulator at tingnan kung may amoy/tunog ng sumisingaw na gas galing sa kinabitan na tangke.
5. Buksan ang pressure regulator at tingnan ang inyong de-gas na kasangkapan para sa maayos na paggamit.



Gamitin ang mga Serbisyo na Ibinibigay ng mga Aprobadong Nagtitinda ng LPG

Dapat bumili ng mga tangke ng LPG mula sa mga aprubadong tindahan lamang. Ang lahat ng nagtitinda ng LPG ay sumasailalim sa pangangasiwa ng mga rehistradong mga kompanya na nagsusuplay ng gas. Ang mga aprobadong nagtitinda ng LPG ay kumukuha ng mga rehistradong tagakabit ng gas upang magbigay ng serbisyo sa mga kustomer at matiyak ang kaligtasan sa paggamit ng tangke ng LPG. Ang mga aprobadong nagtitinda ng LPG ay magpapaskel ng sertipiko na ipinagkaloob ng kani-kaniyang rehistradong kompanya na nagsusuplay ng gas sa tindahan at magpapakita rin sa resibo ang numero ng rehistradong kontraktor ng gas. Ang publiko ay maaring tumingin sa rehistro ng mga aprobadong nagtitinda sa home page ng EMSD.




Palagiang Pagsiyasat ng Kaligtasan sa Gas



Upang matiyak ang kaligtasan, ang mga kustomer ay dapat magtakda ng palagiang pagsisiyasat ng kaligtasan sa gas. Tungkulin ng mga kustomer na magsaayos ng palagiang pangangalaga at pagtitingin ng mga tubo sa pababang daloy ng metro ng gas, habang ang kumpanya ng gas naman ay mananagot sa pangangalaga at pagtitingin ng mga tubo sa daloy paitaas ng metro ng gas. Magsasagawa ng pagtitingin ng kaligtasan sa gas para sa mga pamamahay ang mga kumpanyang nagsusuplay ng gas tuwing 18 buwan. Dapat magtakda ang mga kustomer ng mga pag-aayos sa mga nagkakabit ng gas upang gawin ang pagsisiyasat.

Ang mga rehistradong kontraktor ng gas ay magbibigay sa kustomer ng listahan ng gawain bilang katibayan ng nagawang trabaho. Ang listahan ng gawain ay tumutukoy sa mga detalye ng nagawang trabaho at ang pangalan ng nagkabit ng gas at numero ng rehistro para sa gagawin na pagsisiyasat. Dapat itago ang mga listahan ng gawain para sa pag-aayos ng susunod na pagsisiyasat ng kaligtasan ng gas at pangalagaan ang kanyang mga karapatan.



Pagtatanong

Para sa karagdagang detalye tungkol sa pagpapakabit ng gas, tawagan ang inyong mga kontraktor ng gas o kaya'y tumawag sa hotline ng pamahalaan 1823 o bumisita sa EMSD homepage sa <http://www.emsd.gov.hk>



機電工程署 EMSD
Gas Authority
Electrical and Mechanical Services Department
3 Kai Shing Street, Kowloon, Hong Kong
Fax: 2576 5945 Email: info@emsd.gov.hk

Mga dagdag na kaalaman ukol sa ligtas na paggamit ng gas

Ligtas na paggamit ng gas sa mga kapamahayan



Gas na pambahay



Karaniwang ginagamit sa bahay ang town gas at liquefied petroleum gas o LPG. Ang town gas ay mas magaan kaysa hangin, dahil sa pangunahing sangkap nitong hydrogen, at naililipat sa mga kabahayan sa pamamagitan ng mga tubo. Ang LPG naman, na naglalaman ng pinaghalong propane at butane, ay mas mabigat kaysa hangin at kalimitang sinisiksik at naiipon sa pormang likido sa mga lalagyang tangke. Mayroon ding sistema kung saan inihahatid ang LPG sa mga kabahayan sa pamamagitan ng mga tubo.

Ang LPG at town gas ay parehong ligtas at maaasahan na gasolinang pangatong, subalit ang hindi maayos na paggamit ng mga ito ay maaaring makasahin ng malubhang aksidente. Ang babasahin na ito ay sumasaklaw sa mahahalagang aspeto tungkol sa ligtas na paggamit ng gas sa pamamahay na kinakailangang malaman kapag gumagamit ng town gas o LPG.

Mga dapat gawin kapag may singaw ng gas



Sadyang idinagdag sa LPG at town gas ang mga masangang na kemikal upang madaling mahalata sakaling may singaw ng gas. Kapag ang gumagamit ay nakaamoy ng singaw ng gas, mahalaga na mapigilan agad ang pagdaloy ng gas sa pamamagitan ng pagpatay sa pang-kagipitang kontrol na balbula (singawan) pasalungat sa kontador ng gas (ito ang pangunahing sindihan ng kontador ng gas). Para sa mga tangke ng LPG, maaring tanggalin ang mga regulator ng tangke ng LPG upang maputol ang pagdaloy ng gas.

Patayin ang lahat ng mga nakatiwangwang na ningas at buksan ang lahat ng mga bintana at pinto, upang pakalatin ang gas. Huwag gamitin ang telepono o paandarin ang kahit na



anong de-kuryenteng pansindi. Huwag din galawin ang pansindi ng kahit na anong de gas na kasangkapan. Kapag malubha ang singaw ng gas, lisanin kaagad ang lugar at abisuhan ang mga kapitbahay tungkol sa paglisan sa kanilang kabahayan, ngunit huwag pindutin ang kahit anong door bell. Gamitin ang hagdan sa paglisan. Tumawag sa 999 at abisuhan ang Fire Services Department, na magpapadala ng mga tauhang pang-kagipitan sa lugar na pinangyarihan.

Maingat na Paggamit ng De-Gas na Kasangkapan Mga Paraang Pang-kaligtasan



Ang lahat ng de-gas na kasangkapan sa bahay na binebenta ng legal sa HongKong ay nagtataglay ng GU Mark, na nangahulugang ang mga ito ay ginawa alinsunod sa mga pamarisang pandaigdig na kinikilala at nakapasa sa lokal na kalidad at nasigurong nasuri. Ang publiko ay nararapat na bumili ng de-gas na kasangkapan na nagtataglay ng GU Mark upang makatiyak sa kaligtasan ng paggamit ng mga iyon. Batay sa Kautusan ng Kaligtasan sa Gas (Kap. 51), ang pagkabit, pagpalit at pangangalaga ng de-gas na mga kasangkapan ay kailangang gawin ng rehistradong tagakabit ng gas na kinuhang manggagawa ng mga rehistradong kontraktor. Paglabag sa batas ang magdala ng hindi aprubadong de-gas na kasangkapan sa HongKong o ang pagkabit ng de gas na kasangkapan ng mga gumagamit nito.

Para sa kaligtasan at epektibong pagpapatakbo ng mga de gas na kasangkapan, ang mga gumagamit ay nararapat sundin ang mga tagubilin ng mga gumawa ng mga de-gas na kasangkapan kapag ginagamit ito.

Maingat na Paggamit ng De-Gas na Lutuan

Kapag ginagamit ang de-gas na lutuan, siguraduhing nakabukas ang mga bintana o kaya'y nakasindi ang exhaust fan upang mapanatili ang magandang bentilasyon at upang mabigyan ng sapat na hangin para sa apoy. Gayunpaman,


ang mga de-gas na lutuan ay hindi dapat nakalagay sa tabi ng mga bintana upang maiwasang mahipan ng malakas na hangin ang apoy nito. Ang mga de-gas na lutuan ay kailangang binabantayan kapag ginagamit. Huwag magtabi sa mga de-gas na lutuan ng mga bagay na madaling masunog. Ang mga magulang ay pinapayuhan din na bigyang-aral ang kanilang mga anak na huwag paglaruan ang mga de-gas na lutuan upang maiwasan ang sunog.

Ang haba ng nababaluktot na tubo ng gas na nakakabit sa lutuan ay kailangang maikli kung maari at hindi lalagpas sa 2 metro. Ang tubo na ito ay kinakailangang palitan bago dumating ang petsa ng pagkawalang- saysay ng serbisyo nito. Ang lahat ng nababaluktot na tubo ng gas na nilalaan sa paggamit na kinakailangan ang low pressure (kung saan ang gas pressure ay hindi hihigit sa 7.5 kilopascals) at binebenta sa HongKong ay kailangang aprubado ng EMSD (Electrical and Mechanical Services Department). Ang publiko ay pinapayuhan na gumamit ng aprubadong nababaluktot na tubo ng gas na naka-imprensa ang mga salitang "EMSD APPROVAL GTXXXX" (Ang "XXXX" ay tumutukoy sa approval number) at ang petsa ng pagka-walang bisa ng serbisyo nito.



Maingat na Paggamit ng De-Gas na Pampainit ng Tubig

Maraming klase ang mga de-gas na pampainit ng tubig. Ang mga "room-sealed" na de-gas na pampainit ng tubig ay may iba't-ibang modelo, tulad ng modelo na de-bentilador at iyong gumagamit ng natural na hangin, at ipinapayo na pinakamabuting gamitin kung magpapakabit ng bago or kung magpapalit ng bago. Ang pinapasukan ng hangin at terminal na lusutan ng init sa ganitong uri ng pampainit ay nasa labas ng panlabas na dingding, kaya ang preskong hangin para sa kombustiyon ay nakukuha at mga produkto na nakakasunog ay nailalabas dito, at ang pampainit ay



hindi kumukuha ng hangin o nakadudumi ng hangin sa kuwarto. Karamihan ng mga kabahayan ay mayroong angkop na lusutan para sa pagpapakabit ng "room sealed" na de-gas na pampainit para sa mga banyo.

Kung ikaw ay gumagamit pa rin ng ibang uri ng de-gas na pampainit, pinapayo namin na palitan ang mga iyon ng isang "room sealed" na de-gas na pampainit sa panahon nang pagtitingin ukol sa ligtas na paggamit ng gas upang maprotektahan ang iyong sarili at iyong pamilya.

Maingat na Paggamit ng De-Gas na Pampatuyo ng Labahin

Ang mga de-gas na pampatuyo ay dapat ikinakabit alinsunod sa mga alituntunin ng mga gumagawa nito. Ang daluyan ng de-gas na pampatuyo ay kailangang walang bara at ang labasan ng gas ay kailangang sumisingaw ng direkta sa labas ng kabahayan upang humalo sa hangin sa labas. Ang mga daanan ng singaw ay kinakailangang maikli at gawa sa matibay na galbanisadong bakal. Ang haba ng daanan at bilang ng pagkaka-baluktok nito ay panatiliing nasa pinakamababa nang sa gayon ay di nahaharangan ang singawan ng gas.

